



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PARA SA ISANG BASONG KAPE

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng Allah Azza wa Jalla : Bismillahir Rahmanir Rahim

وَلَا تَنْسُوا الْفَضْلَ بَيْنَكُمْ

“Wala tansawul fadla bainakum.” (Sura Baqra:237) “Do not forget the good done unto you, do not forget graciousness between you!” Ibig sabihin ay wag mong kalimutan ang ginawang kabutihan sayo ng ibang tao kahit makalimutan mo na ang kabutihang nagawa mo.

Ang tanging natatandaan ng mga tao ngayon ay mga kabutihang nagawa nila sa iba at hindi yung mga kabutihang nagawa sa kanila ng ibang tao. Di nila inaalala. Kasamaan o maling nagawa sa kanila ng ibang tao ang kanilang inaalala. Lagi nilang inaalala iyon at kinalimutan ang mabuti. Ito’y di mabuting katangian. Sabi ng Allah azza wa jalla wag kalimutan ang kabutihang nagawa.

Si Shaykh Mawlana (QS) ay laging natatandaan ang lahat ng kabutihang nagawa sa kanya kahit maliit man ito at kahit lumipas na ng 20 taon. Nakita natin ito, kanyang sasabihin “Ya Hu, binigyan kami ng tea na mainom ng taong ito dati.” Hindi niya pag-uusapan ang masama, ang kabutihan na nagawa sa kanya ng taong iyon ang kanyang sasabihin lagi. Kahit mga alaala niya nung bata pa siya ay kaniyang sasabihin ang mga taong nakagawa ng kabutihan sa kanya.

Kaya, ito’y isang magandang pag-uugali. Ito’y pag-uugali o katangian ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at isang mabuting gawain na sinabi ng Allah. Wag mong kalimutan ang kabutihang nagawa. Ang pagmahahal, pag-aalala o kabutihan ay mawawala sa loob natin kapag nakalimutan ang mga kabutihang nagawa. Sabi ng mga ninuno natin “Ang isang basong kape ay makakabuti ng 40 na taon.” Ang mga tao dati ay nakakalimot ng kabutihang nagawa sa kanila. Ngayon, kahi saan man may kasamaan na, ang mga tao ay naghihintay na may makagawa ng kasamaan sa kanila upang



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

makapagtanim siya ng galit sa taong iyon. Nawa'y bigyan tayo ng mabuting gawain at asal ng Allah In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
29 November 2016/29 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah